# Maligayang Pagdating sa Pag-aampon

## Ang Inyong Nagmamalasakit na Pamilya ay Huhubog sa Buhay ng mga Kabataan Bata

### Pag-aampon

Ang Pag-aampon ay nagbibigay ng pangangalagang pampamilya para sa mga kabataang may edad na 18 pababa nasa ilalim ng 18 taong gulang, na may mga magulang na walang sapat na kakayahan upang sila ay pangalagaan dahil sa mga natatanging pangyayari sa pamilya, upang patuloy nilang matamasa ang buhay may pamilya hanggang kaya na nilang makasama muli ang kanilang pamilya, mapabilang sa mag-aampon na pamilya o mabuhay ng mag-isa.

Ang Pag-aampon (Biglaang Kadahilanan) ay nagbibigay ng agaran at panandaliang pangangalagang pampamilya para sa mga kabataang may edad 18 pababa nasa ilalim ng 18 taong gulang, kung saan ang kanilang mga magulang ay hindi sila maalagaan dahil sa mga biglaang kadahilanan o mga sitwasyon sa krisis. Ang tagal ng pangangalaga ay hindi dapat lumampas sa anim na lingo linggo.

### Ikaw ay malugod na inaanyayahan upang maging Magulang na Mag-aampon

Ang mga taong mapagmalasakit at gustong makatulong ay malugod na inaanyayahan upang maging magulang na mag-aampon at makapagbigay ng panganagalagang pamilya sa mga inampong kabataan kasama ang kanilang buong miyembro ng pamilya nang boluntaryo. Ang mga taong interesado na makapagbigay ng pansamantalang panahon/pagseserbisyo ng panandalian ay maaari ring mag aplay.

Upang mapahalagahan ang kanilang pagsali sa pag-aampon, Angang mga magulang na mag-aampon ay, depende sa klase ng kanilang serbisyo at kondisyon ng inampong bata sa ilalim ng kanilang pangangalaga, maaaring makakatanggap ng mga sumusunod na karagdagang panggastos para sa pag-aampon (walang kaltas para sa tax lahat walang buwis) kung naaayon:

- ✦ Pagbibigay ng Panggastos para sa mga inampong kabataan para sa pang araw araw na gastusin para sa ng batang inampon;

- ✦ Pagbibigay insentibo para sa Magulang na Mag-aampon o Pagbabayad ng Insentibo para sa Magulang na Mag-aampon (Biglaang Kadahilanan) upang makahikayat sa pagsali ng mga Magulang na Mag-aampon ng kusang loob sa pag-aampon;

- ✦ Pagsasaayos ng Pagbibigay Pinansyal (Pang isahan) para sa inampong bata upang sagutin ang mga ekstrang gastusin na nagastos nang unang tanggapin ang inampong bata. Babayaran ito pagkatapos ng pananatili ng inampong bata sa umampong pamilya sa loob pagkatapos ng isang buwan [hindi angkop sa Pag-aampon (Biglaang Kadahilanan) at pansamantalang panahon/pagseserbisyo ng panandalian];

- ✦ Karagdagang Kabayaran bilang Insentibo sa pag-aalaga ng batang may espesyal na panganagailangan kasama ang batang nasa ilalim ng tatlong taong gulang may edad tatlo pababa, o batang may kaunting kapansanan sa pagiisip/ kakulangan sa pansin/ hyperactivity disorder/ autism spectrum/ at pagkahirap sa pag-aaral (dyslexia, development co-ordination disorder) [hindi angkop sa Pag-aampon (Biglaang Kadahilanan)].

**Ang Huwarang mga Magulang na Mag-aampon ay dapat nagtataglay ng:**

- ✦ Matuwain sa mga bata, may karanasan at abilidad sa pag-aalaga ng bata
- ✦ May tamang plano sa pag- aalaga ng mga bata
- ✦ Naaakmang kaugalian at kakayahan sa pagiging magulang at pag-aalaga ng mga kabataan [1]
- ✦ May pamantayan ng Edukasyon sa Primarya o mas mataas pa
- ✦ Malusog na pangangatawan at matatag na damdamin
- ✦ Masayang buhay pamilya at matatag na kabuhayan
- ✦ Matatag na kalagayang pinansyal, tulad ng pagkakaroon ng sapat na kita, ipon o ari-arian na may halaga magagamit
- ✦ Maayos, malinis at ligtas na lugar ng kapaligiran, kasama na ang pagkakaroon ng mga rehas ng bintana o paglalagay ng may kagamitan upang malimitahan ang pagbubukas ng bintana[2], pagsunod sa mga pangangailangang upang maging ligtas sa kusina[3], at paglalagay ng mga kagamitang pangkaligtasan[4] para sa balkonahe (kung mayroon) atbp
- ✦ Sapat na lugar sa tirahan, kabilang na ang probisyon para sa magkakahiwalay na kama at lugar para sa mga aktibidad ng mga kabataang inampon
- ✦ Pag sang-ayon mula lahat ng miyembro ng pamilya na makisali sa serbisyo ng pag-aampon
- ✦ Pagsang ayon na sumailalim ng imbestigasyon at patnubay mula sa kawani ng kapakanan sa lipunan

  [Para sa katanungan tungkol sa mga nasabing mga kondisyon sa itaas, maaaring tumawag sa Sentral na Yunit ng Pag-aampon ng Departamento ng Kapakanan sa Lipunan (SWD)]

**Mga Proseso ng Aplikasyon sa Pagseserbisyo bilang Magulang na Mag-aampon**

1. Ang mga aplikante ay kailangang kumontak sa Sentral na Yunit ng Pag-aampon ng SWD para sa mga paunang pagtatasa at pagdalo sa sesyon ng mga tagubilin para sa serbisyo ng pag-aampon.
2. Ang mga aplikante ay kinakailangang sumailalim sa pagsusuri para sa mga talaan ng kriminal.
3. Ang mga aplikante ay kinakailangang makapasa sa medical na pagsusuri at sumailalim sa mga detalyado at masusing pag-aaral sa bahay para sa kanilang kaangkupang makapagserbisyo bilang mga magulang na mag-aampon. Kabilang sa mga pagtatasa ang, pero hindi lalagpas limitado sa, personalidad ng aplikante, interes, mga karanasan sa buhay, estado ng relasyon ng mag asawa, trabaho, kondisyong pinansyal, paligid ng tirahan, pag uugali at kakayahan ng pagiging magulang, kakayahan gumawa ng mga kinakailangng pagsasaayos sa pag-aalaga upang makita ang mga kinakailangang pagbabago ng mga inampong kabataan; ang pag uugali ng bawat miyembro ng pamilya na sasali sa serbisyo ng pag-aampon; at komento mula sa dalawa o higit pang tagapaghatol, atbp. Ang aplikante ay kinakailangang magbigay ng kinakailangang mga sumusuportang dokumento sa panahon ng pagtatasa.
4. Ang aplikante ay kinakailangang sumali sa mga pagsasanay bago ang Pagbibigay serbisyo para sa pag-aampon
5. Sa pagkapasa sa pagtatasa sa bahay, ang aplikante ay kailangang makiisa sa mangagawa ng kapakanan sa lipunan para sa proseso ng pagtutugma sa pamamagitan ng pagsasaalang alang ng pinaka mabuting interes ng mga kabataan.

Kung kayo ay interesado na maging mga magulang na mag-aampon, maaring kumontak sa nakatalagang manggagawa ng Sentral na Yunit ng Pag-aampon ng SWD o bumisita sa website ng SWD (www.swd.gov.hk).

| | |
|---|---|
| Telepono: | 2573 2282 |
| Fax no.: | 2573 2120 |
| Address: | Room 2202, Southorn Centre, 130 Hennessy Road, Wan Chai, Hong Kong |
| E-mail address: | cfcuenq@swd.gov.hk |

1 Ang Sentral na Yunit ng Pag-aampon ng SWD at ang mga pribadong organisasyon na nagpapatakbo ng serbisyo ng pag-aampon ay magbibigay ngnaaangkop na pagsasanay sa mga magulang na mag-aampon ng regular upang mapabuti ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pag-aalaga ng mga bata at pagiging magulang.

2 Ang mga rehas ng bintana (kasama na ang rehas sa louvers) ay kinakailangang naikabit sa paraan na kung saan ang mga patlang sa pagitan ng mga kwadro ng bintana at rehas ay hindi hihigit sa 4 na pulgada. Kung ang pagkakalagay ng mga rehas ng bintana ay hindi pinayagan sa ginawang kapwa kasunduan ng gusali, ang mga may kagamitan para sa malimitahan ang pagkakabukas ng mga bintana ay kinakailangang ikabit sa paraang ang bukas na lapad ng bintana ay hindi lalagpas sa 4 na pulgada.

3 Upang maiwasan ang mga kabataan na pumasok sa kusina, ang pintuan ng kusina ay kinakailangang laging sarado o maglagay ng mga ligtas na harang harang sa kaligtasan papasok sa kusina

4 Ang pintuan sa balkonahe ay kinakailangang nakakandado. Maaaring magkabit ng kagamitan para sa paghihigpit na may kandado o iba pang kagamitang pangkaligtasan ay maaari ring ikabit sa pintuan sa paraang ang bukas na lapad ng pintuan ay hindi lalagpas sa 4 na pulgada